Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

21 Abril 2019 LINGGO NG PASKO NG MULING PAGKABUHAY

Ang Katiyakan ng Ating Kaligtasan

Tayo ay nagdiriwang ng Linggo ng Muling Pagkabuhay ng Panginoong Hesukristo. Sa buhay, ang mga taong nagkakasamaan ng loob ay naghahanap ng katiyakang magkasundo na sila, kapag ninais nilang ayusin ang kanilang sigalot. Ang maybahay na nasaktan ay tanggap na ang paghingi ng tawad ng kanyang asawa kapag tinanggap nito ang bigay niyang bulaklak. Ang batang nagtatampo ay tanggap na ang paumanhin ng kanyang nakasakit na magulang kapag nilalaro na nito ang regalong laruan.

Nang muling buhayin ng Ama si Hesus mula sa kamatayan ay ipinakita Niyang tanggap Niya ang pag-aalay ng buhay ng Kanyang Anak para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Ang muling pagkabuhay ni Kristo ay siyang katiyakan nating sumasaatin na ang kaligtasan. Ang tuwa ng Ama ay ganoon na lamang kaya pinarangalan Niya nang sukdulan si Hesus. Ginawa Niya siyang Panginoon – ito ay Kyrios *sa wikang Griego. Ginawa rin Niya siyang Mesias o Kristo – ito naman ay* Christos *sa wikang Griego.*

Sumaatin ang biyayang kaligtasan nang tanggapin natin ang dakilang sakramento ng Binyag. Magpasalamat tayo sa Ama sa Kanyang kagandahang-loob. Magpasalamat tayo kay Kristo sa kanyang dakilang sakripisyo. Magpasalamat tayo sa Espiritu Santo sa kanyang pagdadala sa atin ng biyayang kaligtasan.

N.B.: *Sa lahat ng mga Misa ngayong araw na ito, ang* Pagsisisi *at ang* Sumasampalataya *ay lalaktawan; ang mga ito ay nasasaad na sa* Pagsasariwa sa Pangako ng Binyag.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang Panginoo'y nabuhay! Paghahari't karangalan ay kanya magpakailanman. Aleluya! Ipagdangal ang kanyang kadakilaan.

Pagbati

P – Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong muling nabuhay, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!
***B –* At sumaiyo rin!**

Papuri

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataastaasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P – Ama naming makapangyarihan, ngayo'y binuksan mo para sa amin ang pinto ng kalangitan sa pananaig ng iyong Anak sa kamatayan. Ipagkaloob mong sa pagdiriwang namin sa Pasko ng Pagkabuhay kami'y mabuhay sa pagpapanibagong dulot ng iyong Espiritu sa kaliwanagan ng buhay mo, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Gw 10:34.37-43***

Sa masayang panahong ito ng Muling Pagkabuhay, ang Unang Pagbasa ay galing sa Aklat ng mga Gawa ng mga Apostol. Ito ang kasunod na bahagi ng Ebanghelyo ni Lucas. Sinulat ito ni San Lucas upang ipalaganap sa buong daigdig ang Magandang Balita ng kaligtasang umiikot sa

Muling Pagkabuhay ni Kristo. Sa ating sipi ngayon ay ipinahahayag ni Pedro sa mga Hentil, na pinamumunuan ni Cornelio, ang katotohanang buhay si Hesus.

L –Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Noong mga araw na iyon, nagsalita si Pedro, "Alam ninyo ang nangyari sa buong Judea na nagsimula sa Galilea nang mangaral si Juan tungkol sa binyag. Ang sinasabi ko'y tungkol kay Hesus na taga-Nazaret. Ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ang Espiritu Santo at ang kapangyarihan bilang katunayan na siya nga ang Hinirang. Sapagkat sumasakanya ang Diyos, saanman siya pumaroon ay gumagawa siya ng kabutihan at nagpapagaling sa lahat ng pinahihirapan ng diyablo. Saksi kami sa lahat ng ginawa niya sa lupain ng mga Judio at sa Jerusalem. Gayunman, siya'y ipinako nila sa krus.

Ngunit muli siyang binuhay ng Diyos sa ikatlong araw. Napakita siya, hindi sa lahat ng tao kundi sa amin lamang na noon pang una'y pinili na ng Diyos bilang mga saksi. Kami ang nakasama niyang kumain at uminom pagkatapos na siya'y muling mabuhay.

Inatasan niya kaming mangaral sa mga tao at magpatotoo na siya ang itinalaga ng Diyos na maging Hukom ng mga buhay at mga patay. Siya ang tinutukoy ng mga propeta nang kanilang ipahayag na bawat mananalig sa kanya ay tatanggap ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan, sa pamamagitan ng kanyang pangalan."

Ang Salita ng Diyos!

***B –*Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan *Awit 117*

B –Araw ngayon ng Maykapal, magalak tayo't magdiwang!



*** O pasalamatan ang D'yos na Panginoon, pagkat siya'y mabuti; ang kanyang pag-ibig ay napakatatag at mananatili. Ang taga-Israel, bayaang sabihi't kanilang ihayag, "Ang pag-ibig ng Diyos ay hindi kukupas." *B.***

*** Ang lakas ng Poon, ang siyang nagdulot ng ating tagumpay sa pakikibaka sa ating kaaway. Aking sinasabing di ako papanaw, mabubuhay ako upang isalaysay ang gawa ng Diyos na Panginoon ko. *B.***

*** Ang batong natakwil ng nangagtatayo ng tirahang-bahay, sa lahat ng bato'y higit na mahusay. Ang lahat ng ito ang nagpamalas ay ang Panginoong Diyos. Kung iyong mamasdan ay kalugud-lugod. *B.***

Ikalawang Pagbasa *Co 3:1-4*

Hinihimok ni San Pablo ang mga taga-Colosas na mamuhay bilang tunay na mga alagad ni Kristong muling nabuhay. Hindi na dapat nakatuon ang kanilang isip sa mga makamundong bagay kundi sa mga bagay na makalangit.

L –Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Colosas

Mga kapatid: Binuhay kayong muli, kasama ni Kristo, kaya't ang pagsumakitan ninyo ay ang mga bagay na nasa langit na kinaroroonan ni Kristo na nakaupo sa kanan ng Diyos.

Isaisip ninyo ang mga bagay na panlangit, hindi ang mga bagay na panlupa, sapagkat namatay na kayo at ang tunay na buhay ninyo'y natatago sa Diyos, kasama ni Kristo. Si Kristo ang tunay na buhay ninyo, at pag siya'y nahayag, mahahayag din kayong kasama niya at makakahati sa kanyang karangalan.

Ang Salita ng Diyos!

***B –*Salamat sa Diyos!**

Awit Tungkol sa Mabuting Balita

C–*Kasama ang sinaunang maka-ta, ipahayag natin ang galak ni Maria Magdalena sa Muling Pagkabuhay ni Hesus.*

***B –*Purihin si Hesukristo, hain para sa tao. Nagligtas na Kordero nang makasundo tayo ng Amang Lumikha nitong mundo. Buhay at kamatayan kapwa nagtunggalian at ang nagtagumpay "Pagkabuhay."**

Ano ba, Maria, ang 'yong mga nakita? Puntod ni Kristong nabuhay, liwanag niya't kaningningan. Anghel na malinaw, kumot at kasuutan. Buhay si Kristong pag-asa, pupunta s'ya sa Galilea. Kami'y sumasampalatayang buhay kang talaga, Hari ng ligaya, magbasbas ka.

Aleluya *1 Cor 5:7b-8a*

***B –*Aleluya! Aleluya!**
Si Kristo'y inihain na pamaskong maamong tupa. Magsalo tayo sa kanya.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Jn 20:1-9*

Ang siping ito sa Ebanghelyo ni Juan ay naglalahad ng nangyari sa tatlong alagad sa umaga ng Linggo ng Muling Pagkabuhay. Ibinalita ni Maria Magdalena ang kanyang nakita sa libingan. Tumakbo papunta roon sina Pedro at ang alagad na mahal ni Hesus. Tulad ng lahat ng kabataan ay mabilis at naunang nakarating sa libingan ang alagad na mahal. Ngunit tulad din ng maraming kabataan, hindi siya kaagad pumasok bilang paggalang kay Pedrong nakatatanda sa kaniya. Hinintay niya itong maunang pumasok.

***P –*Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan**

***B –* Papuri sa iyo, Panginoon!**

Madilim-dilim pa nang araw ng Linggo, naparoon na si Maria Magdalena sa libingan. Naratnan niyang naalis na ang batong panakip sa pinto ng libingan. Dahil dito, patakbo siyang pumunta kay Simon Pedro at sa alagad na mahal ni Hesus, at sinabi sa kanila, "Kinuha sa libingan ang Panginoon at hindi namin alam kung saan dinala!"

Kaya't si Pedro at ang nasabing alagad ay nagpunta sa libingan. Kapwa sila tumakbo ngunit si Pedro'y naunahan ng kasamang alagad. Yumuko ito at sumilip sa loob. Nakita niyang nakalagay ang mga kayong lino, ngunit hindi siya pumasok. Kasunod niyang dumating si Simon Pedro at tuluy-tuloy itong pumasok sa libingan. Nakita niya ang mga kayong lino, at ang panyong ibinalot sa ulo. Hindi ito kasama ng mga kayong lino, kundi hiwalay na nakatiklop sa isang tabi. Pumasok din ang alagad na naunang dumating; nakita niya ito at siya'y naniwala. Hindi pa nila nauunawaan ang nasasaad sa Kasulatan, na kailangang muling mabuhay si Hesus.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B –*Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Maaari itong basahin sa mga Misa sa Gabi

Mabuting Balita *Lu 24:13-35*

P **–**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B **– Papuri sa iyo, Panginoon!**

Nang Linggo ding iyon, ang dalawa sa mga alagad ay patungo sa isang nayong tinatawag na Emaus, may labing-isang kilometro ang layo sa Jerusalem. Pinag-uusapan nila ang mga pangyayari. Samantalang nag-uusap sila at nagtatanungan, lumapit si Hesus at nakisabay sa kanila. Siya'y nakita nila, nguni't hindi nakilala agad. Tinanong sila ni Hesus, "Ano ba ang pinag-uusapan ninyo?" At tumigil silang nalulumbay. Sinabi ng isa na ang ngala'y Cleopas, "Kayo lamang po yata ang dayuhan sa Jerusalem na hindi nakaaalam sa mga bagay na katatapos pa lamang nangyari roon." "Anong mga bagay"? tanong niya. At sumagot sila, "Tungkol kay Hesus na taga-Nazaret, isang propetang makapangyarihan sa gawa at salita, maging sa harapan ng Diyos at ng mga tao. Isinakdal siya ng aming mga punong saserdote at mga pinuno upang mahatulang mamatay, at siya ay ipinako sa krus. Siya pa naman ang inaasahan naming magpapalaya sa Israel. Hindi lamang iyan. Ikatlong araw na ngayon mula nang mangyari ito: nabigla kami sa ibinalita ng ilan sa mga babaing kasamahan namin. Maagang-maaga raw silang nagpunta sa libingan, at di nila natagpuan ang kanyang bangkay. Nagbalik sila at ang sabi'y nakakita raw sila ng isang pangitain – mga anghel na nagsabing buhay si Hesus. Pumunta rin sa libingan ang ilan sa mga kasama namin at gayon nga ang natagpuan nila, nguni't hindi nila nakita si Hesus."

Sinabi sa kanila ni Hesus, "Kay hahangal ninyo! Ano't hindi ninyo mapaniwalaan ang lahat ng sinabi ng mga propeta? Hindi ba't ang Mesiyas ay kailangang magbata ng lahat ng ito bago niya kamtan ang kanyang marangal na katayuan?" At ipinaliwanag sa kanila ni Hesus ang lahat ng nasasaad sa Kasulatan tungkol sa kanyang sarili, simula sa mga aklat ni Moises hanggang sa sinulat ng mga propeta.

Malapit na sila sa nayong kanilang patutunguhan, at si Hesus ay waring magpapatuloy pa ng lakad. Nguni't siya'y pinakapigil-pigil nila. "Tumuloy na po kayo rito sa amin," anila, "sapagka't palubog na ang araw at dumidilim na." Kaya't sumama nga siya sa kanila. Nang siya'y kasalo na nila sa hapag, kinuha niya ang tinapay at nagpasalamat sa Diyos, saka pinaghati-hati at ibinigay sa kanila. Nabuksan ang kanilang paningin at nakilala nila si Hesus, subali't ito'y biglang nawala. At nawika nila, "Kaya pala gayon ang pakiramdam natin habang tayo'y kinakausap sa daan at ipinapaliwanag sa atin ang mga Kasulatan!"

Noon di'y tumindig sila at nagbalik sa Jerusalem. Naratnan nilang nagkakatipon ang Labing-isa at ang ibang mga kasama nila na nag-uusap-usap, "Muli ngang nabuhay ang Panginoon! Napakita kay Simon!" At isinalaysay naman ng dalawa ang nangyari sa daan, at kung paano nila siyang nakilala nang paghati-hatiin niya ang tinapay.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B **–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Pagsasariwa ng Pangako sa Pagbibinyag

P–Mga kapatid, sa misteryo ng Pasko ng Pagkamatay at Pagkabuhay ni Kristo, tayo'y nalibing kasama niya noong tayo'y binyagan upang kasama rin niya tayo'y makabangon at makapagbagong-buhay. Pakisagot ninyo itong mga katanungan:

P –Para kayo makapamuhay bilang mga malayang anak ng Diyos, ang kasalanan ay itinatakwil ba ninyo?

B–**Opo, itinatakwil namin!**

P–Para kayo'y huwag mapailalim sa kasalanan, ang kaakit-akit na tukso ng kasamaan ay itinatakwil ba ninyo?

B–**Opo, itinatakwil namin!**

P– Si Satanas na pinanggagalingan ng kasalanan at pinuno ng kadiliman ay itinatakwil ba ninyo?

B– **Opo, itinatakwil namin!**

P– Sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat at Lumikha ng langit at lupa, kayo ba ay sumasampalataya?

B– **Opo, sumasampalataya kami!**

P– Sa iisang Anak ng Diyos, ang ating Panginoong Hesukristo, na ipinanganak ni Santa Mariang Birhen, ipinako sa krus, namatay, inilibing, muling nabuhay at naluluklok sa kanan ng Ama, kayo ba ay sumasampalataya?

B–**Opo, sumasampalataya kami!**

P–Sa Espiritu Santo, sa Banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa muling pagkabuhay ng mga namatay, at sa buhay na walang hanggan, kayo ba ay sumasampalataya?

B–**Opo, sumasampalataya kami!**

P–Tulungan nawa niya tayong mamalaging tapat sa ating Panginoong Hesukristo ngayon at magpasawalang hanggan.

B **– Amen!**

[Babasbasan ng pari ang mga nagsisimba habang inaawit ang angkop na awitin.]

Panalangin ng Bayan

P– Hingin natin sa Diyos na maibahagi Niya sa atin ang kaligatasang dulot ng muling pagkabuhay ni Kristo. Ang ating sasambitin ay:

B **– Amang puno ng biyaya, dinggin Mo ang aming panalangin!**

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang mapuspos sila ng biyaya ng Muling Pagkabuhay ni Kristo at maibahagi ito sa buong Bayan ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay maramdaman nila ang ligayang dulot ng Muling Pagkabuhay ng Manunubos, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang makuha nila sa Muling Pagkabuhay ni Kristo ang kinakailangan nilang lakas para itaguyod ang kabutihan ng ating mga mamamayan, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa mga taong nababalot ng lagim ng sakit, kapighatian, lungkot, at kasalanan, upang mapasakanila ang siglang galing sa Muling Pagkabuhay ni Kristo, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa masayang pagdiriwang na ito, upang maging tunay tayong saksi sa Muling Pagkabuhay at magkalat ng pag-ibig, ligaya, at kapayapaan sa lahat ng dako, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Ipanalangin natin ang ating mga sariling kahilingan. *(Tumahimik sandali.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P–Ama naming muling bumuhay kay Hesukristo mula sa kamatayan, isugo Mo sa amin ang Espiritu Santo upang ang lahat ng kasamaan, kalungkutan, at pangamba ay matalo ng biyaya, saya, at tibay ng loob na dulot ng Muling Pagkabuhay ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.
***B* –Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P– Manalangin kayo . . .
***B*– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P– Ama naming Lumikha, masaya naming ipinagdiriwang ang Pasko ng Pagkabuhay ngayong aming ginaganap ang paghahaing ito ng Anak mong mahal, para sa muling pagsilang at pakikinabang ng iyong Sambayanan, sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

Prepasyo

P– Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan lalo ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Ang iyong Anak na minamahal ay naghain ng sarili niyang buhay. Siya ang tupang maamong umako sa kaparusahan upang mapatawad ang kasalanan ng sanlibutan. Sa pagkamatay niya sa banal na krus, ang kamatayan namin ay kanyang nilupig. Sa pagkabuhay niya bilang Manunubos, pag-asa't pagkabuhay ay aming nakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B*– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

***B*– Sa krus mo't pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**
P– Hinihiling namin . . .
***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito si Kristong Muling Nabuhay, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Si Kristo'y inialay na Pamaskong maamong tupa. Magsalo tayong masaya sa tinapay na pamista, bago't wagas. Aleluya!

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, lingapin mong lagi kaming sambayanan mo upang sa ipinagdiriwang naming Pasko ng Pagkabuhay ni Kristo sapitin namin ang kaliwanagan ng pagkabuhay sa piling mo, sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* –Amen!**

PAGWAWAKAS

P– Sumainyo ang Panginoon.
***B* –At sumaiyo rin!**

P– Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik sandali.)*
Sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ng Kanyang Anak, pinagaling tayo ng Diyos. Matupad nawa ang Kanyang mga pangako at pagkalooban kayo ng buhay na walang hanggan.
***B* –Amen!**

P– Itinangis ninyo ang mga pagdurusa ni Kristo; ipinagdiriwang ninyo ngayon ang kanyang muling pagkabuhay. Dumulog nawa kayo nang buong galak sa kapistahang walang hanggan.
***B* –Amen!**

***P* –**Kaawaan nawa kayo ni Kristong Muling Nabuhay ngayong Pasko ng Pagkabuhay at iligtas kayo sa lahat ng masama.
***B* –Amen!**

***P* –**Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.
***B* – Amen!**

P–Taglayin ninyo sa inyong pagalis ang kapayapaan ni Kristo. Aleluya! Aleluya!
***B* – Salamat sa Diyos! Aleluya! Aleluya!**

makinig- Kapanalig Veritas846 RADYO TOTOO Ang Catholic Radio
veritas846kapanalig www.veritas846.ph @kapanalig

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • ***Telefax:*** 8894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Marketing:*** Fr. B. Nolasco • ***Circulation:*** R. Saldua